Mga Madalas na Itanong

Ano ang gagawin ko sa panahon ng mediation (pamamagitan)?

Tatalakayin mo sa mga mediator (tagapamagitan) ang mga problemang mayroon ka. Maaaring magbigay ng ilang nakakapagpalinaw na katanungan ang mga mediator upang maunawaan nila kung ano ang nangyari, kung ano ang naramdaman mo at ang epektong idinulot nito. Magkakaroon ang (mga) opisyal ng oportunidad na tumugon kapag inatasan ng mga mediator.

Ano ang papel na ginagampanan ng isang mediator?

Nagbibigay ang mga mediator ng lugar para magkaroon ng pag-uusap sa pagitan ng dalawang panig. Pakikinggan ng mga mediator ang mga suliraning ipinahayag at kadalasan, ibubuod ang mga pahayag upang masigurong nauunawaan nila kung ano ang sinabi.

Ano ang isang matagumpay na mediation?

Nagaganap ang isang matagumpay na mediation kapag sa tingin ng dalawang panig ay napakinggan sila at nauunawaan ang pananaw ng kabilang panig kahit hindi sila sumasang-ayon. Sa katunayan, hindi iniaatas ang pagsang-ayon. Hindi mo kailangang sumang-ayon upang magkaroon ng mas mabuting pang-unawa.



Telepono: 415.241.7711

Online: https://sfgov.org/dpa/

Koreo: 1 South Van Ness Ave. 8th Floor San Francisco CA 94103

Personal: 1 South Van Ness Ave. 8th Floor

Kagawaran ng Pulisya Programa sa Pamamagitan Hinggil sa Pananagutan



Ano ang Mediation?

Ang mediation (pamamagitan) ay isang mabisang paraan upang malutas ang mga reklamo tungkol sa gawi ng pulis.

Ito ay isang pag-uusap sa pagitan ng mga panig na ginagabayan ng mga may kasanayan, propesyonal na walang pinapanigang mediator.

Ang mediation ay laging boluntaryo at kumpidensyal at idinisenyo upang tulungan ang mga miyembro ng komunidad at mga opisyal na ibahagi ang kanilang pananaw at subukang magkaroon pang-unawa sa isa't isa.

Pagsangguni sa Mediation

Ang proseso ng mediation ay nagsisimula sa aming Meditation Coordinator (Taga-ugnay sa Pamamagitan). Alam nating ang desisyong lutasin ang isang hindi pagkakasundo ay isang mahalagang hakbang para sa lahat ng kabahagi. Narito ang aming Coordinator upang sagutin ang inyong mga katanungan, tulungan ang mga panig na linawin ang kanilang mga mithiin at ganap na ihanda ka para sa mediation.

Mediation dahil....

- **Ang mediation ay nagbibigay sa iyo ng pagkakataong magsalita para sa iyong sarili na tinutulungan ng dalawang neutral at propesyonal na mediator, sa isang ligtas at kumpidensyal na kapaligiran.**
- **Ang mediation ay madalas na kasiya-siya kaysa sa regular na proseso ng reklamo dahil may aktibo kang papel na ginagampanan.**
- **Maaaring mapahusay ng mediation ang ugnayan sa pagitan ng komunidad at ng opisyal, at magtaguyod ng mga positibong pagbabago sa mga gawi, pang-unawa at pag-uugali.**
- **Madalas, magkakaroon ng reklamo mula sa hindi pagkakaunawaan o mga kalagayan ng sitwasyon. Kapag gumagawa sa labas, maaaring walang panahon o pagkakataon ang mga Opisyal na ipaliwanag ang kanilang mga aksyon. Ang kahalagahan ng mediation ay nagbibigay ng panahon at pagkakataon para sa mga miyembro ng komunidad at mga opisyal na talakayin ang interaksyon at upang magtulungan sa pagsasakatuparan ng kahihinatnang kasiya-siya sa isa't isa.**

Proseso ng Mediation

Maghain ng reklamo sa DPA. https://sfgov.org/dpa/

Ipaalam sa imbestigador na ninanais mo ng mediation

Pagsangguni sa Mediation Coordinator

Nakumpirma ang Petsa ng Mediation

Mediation kasama ang mga Mediator, (Mga) Miyembro ng SFPD, Nagrereklamo